Delicious foods

Tradisyunal na Pagkain ng Iida

Masarap na Prutas

Ang Iida City ay napapalibutan ng Alps mountain at mayaman sa kalikasan. Ang pagbabago ng panahon ay madaling malaman. Mainit kung summer at maginaw naman kung winter. Ang agrikultura ay aktibo, kayat sa buong taon ay maaaring makakain ng masasarap na gulay at prutas. Maraming turista ang namimitas ng mansanas at peras sa iba't ibang lugar lalo na sa panahon ng tag lagas. Ang pinatuyo o dry persimmon (ichida kaki) ay popular at ang prutas na ito ay kilala sa loob ng bansa. Ang Nagano Prefecture ay ang Prefecture na may pinakamataas na rekord ng mahabang nabubuhay sa Japan. Marahil isa sa mga dahilan nito ay ang ibat ibang uri ng mga sariwang pagkain.

Japanese sweets

Maraming Japanese sweets store sa Iida. Ang mga sweets na ito ay ginagawa sa tradisyunal na pamamaraan at kasabay na umunlad sa pamamaraan ng paggawa ng tsaa. Ang manju (steam yeast bun) at iba't ibang Japanese sweets na naaayon sa panahon, na ginawa sa maselang pamamaraan ay makikitang naka hilera at mabibili sa maraming tindahan.